## City of Seattle
## Buod ng Departmento sa Teknolohiya ng Impormasyon

### Ginagawa naming ang teknolohiya na umobra para sa City

Ang misyon ng Department of Information Technology ay upang gawin ang teknolohiya na umobra para sa City. Aming tinitiyak na ang mga sistemang kompiyuter ay tumatakbo nang maayos upang payagan kang makagamit sa mga serbisyo ng City sa online, gaya ng pagbili ng mga permiso at mga lisensiya, pag-aaplay para sa mga trabaho, at pagbabayad sa mga pagtiket sa paglabag sa batas sa pagparada. Nangangasiwa rin kami ng mga sistemang radyong emerhensiya, telepono at email.



### Opisina ng Komunikasyong Kable

Ang City ay mayroong mga kasunduang prankisya sa kableng telebisyon sa Comcast at Broadstripe. Aming pinapatupad ang Panukalang-batas sa Mga Karapatan ng Kustomer sa Kable upang tiyakin na lahat ay makatanggap ng mahusay, agarang pagserbisyo mula sa mga kompanya ng kable.

### Seattle Channel

Ang Seattle Channel (kable Tsanel 21) ay nagpapalabas ng mga programa sa telebisyon upang tulungan ang mga tao sa Seattle na kumunekta sa gobyerno ng City. Kasama sa mga palabas ang mga pagpupulong ng City Counsil, mga pagdiriwang sa kalapit na puok, at mga sining na lokal at mga pagdiriwang pangkultura. Ang mga palabas ay makikita rin sa Internet sa www.seattlechannel.org.

### www.seattle.gov

Ang web site ng City na www.seattle.gov, ay nagbibigay ng daan para sa mga residente na maabot ang City 24 oras arawan. Aming tinatampok ang mga pinakamahalagang bahagi sa mga aktibidad ng City, pagkakaroong pagkontak sa Mayor at City Counsil, direktoryo ng lahat ng mga tauhan at mga departamento ng

city at mga serbisyo.  Maari kang magpalista para sa mga listahang email o magbayad ng mga singilin ng City.  Ang website ng City ay nagbibigay ng impormasyon na maisasalin sa maraming iba't-ibang mga lengguwahe.  Ang impormasyon sa Tagalog ay makikita sa www.seattle.gov/html/citizen/language.htm.

## Pagtiyak ng karapatang makagamit ng teknolohiya para sa lahat



Ang City ay tinakda nito ang sarili sa pagtiyak na ang lahat ay magkaroon ng pagsanay sa teknolohiya at karapatang makagamit na kailangan para sa pakikilahok na pambayan at pangkultura, trabaho at habang-buhay na pag-aaral.  Nagbibigay kami ng libreng paggamit sa kompiyuter sa mga kalapit puok sa buong siyudad.  Nagbibigay din kami ng mga pondo o gugulin sa mga hindi napagkakakitaan (nonprofits) para sa pagsasanay sa teknolohiya, mga karapatang paggamit sa kompiyuter at mga proyektong pambayan.  Nagbibigay kami ng libreng serbisyong Internet na kable para sa mga hindi napagkakakitaan (nonprofits). Iniisponsoran din namin ang pagbuo ng Puget Sound Off, www.pugetsoundoff.org, website na dinibuho ng mga tin-edyer upang ipamahagi ang mga kahiligan, sining at pagtatalakay sa mga mahahalagang paksa.

## Impormasyong Pagkokontakan

Pakikontak kami sa DoITreceptionist@seattle.gov o tawagan ang 206-684-0600. Ang aming mga opisina ay nasa Seattle Municipal Tower, 700 5th Ave, Suite 2700, P.O. Box 94709 Seattle, WA  98124-4709.

Greg Nickels, Alkalde